

PROLOGUE

Isang malutong na sampal ang inabot ni Laira mula sa kanyang ama. Galit na galit ito at para nang bulkang handang sumabog anumang oras. Her father's anger could unleash the wrath of hell and everyone who stood in his presence could only cower in fear. Everyone... except her.

Hinaplas-haplos niya ang namumulang pisngi. *Nakuha ko rin ang atensyon mo.* Pilit niyang itinago ang ngiti. Masakit ang sampal nito—but it was worth it. Pinagmasdan lamang niya ang ama, hindi iniinda ang pananakit nito sa kanya.

“Wala ka na ba talagang magawang matino? Wala ka nang ibang idinulot sa akin kundi kahihiyan!” anitong sinusubukang magtimpi. “Just what is it you’re trying to prove, Laira? Wala ka na ngang pakinabang, dumadagdag ka pa sa problema! Are you really determined to ruin our name?” bulyaw ni Mr. Lucas Mondragon.

“Took you long enough,” she taunted lazily.

“Why you...!” Tuluyang humulagpos ang galit nito. Para itong hibang na sinugod siya at akhang

susuntukin.

“Señor, maghunos-dili po kayo!” harang ni Yaya Marya sa pagitan nilang mag-ama. “Huwag po ninyong saktan si Laira!”

Imbis na mamula, namumutla na si Lucas sa sobrang galit. Nagawa nitong itulak sa tabi ang matandang tagapangalaga, ngunit mas mabilis ang babae at kaagad na niyakap ang alaga upang protektahan.

“Wag n’yo pong saktan si Laira. Kung gusto ninyo, ako na lang po, ako na lang ang magbabayad sa kasalanan niya.”

“Umalis ka riyan, Marya!” sigaw ng daddy niya. Nakadama na siya ng takot, hindi para sa sarili kundi para sa yaya niya.

“Kasalanan ko po kaya nakatakas si Laira. Hindi ko siya nabantayang mabuti. Ako po ang may kasalanan.”

Tila naman unti-unting nagbalik ang huwisyong kanyang ama, mabangis pa rin ang anyo nito ngunit nagawa nitong pigilin ang sarili bago dumapo ang kamao sa magyaya at sa halip, ang antigong lamesita ang sinuntok. “Alisin mo sa harapan ko ang babaeng iyan!”

Sa takot na madamay ang yaya niya sa away nilang mag-ama, hinayaan niyang igiya siya nito paakyat sa hagdanan.

“Hindi ka ba nasaktan, Hija?” nag-aalalang tanong nito nang marating nila ang kanyang silid.

“Okay lang po ako,” aniyang walang-anumang sumalampak sa kanyang brass bed. Gumuhit sa kanyang mga labi ang isang ngiti.

Nagtagumpay uli siya... She had gone far this time.

Kalalabas lang niya sa presinto. Her father had bailed her out of jail in the wee hours of a weekend morning. Isa kasi siya sa mga inakusahang nagpa-pot session sa isang condominium sa Ortigas.

“Ano ba naman kasi ang pinaggagagawa mo, Hija? Bakit ka nananadya? Gusto mo bang mapatay ka ng ama mo?”

“Oh no, Yaya. What I want from him is to hate me as much as I hate him. I want him to feel the hatred that’s eating me.”

Alam niyang pabagsak na ang kompanya nila at isa-isa nang nagsasara ang mga negosyo ng *Mondragon Investments*. Nagkamali ang ama niya

nang mamuhunan ito sa isang geothermal plant, na kalaunan ay sinamsam ng gobyerno ng Pilipinas bilang pagsunod sa utos ng Korte Suprema—ending the hearsay that the almighty Lucas Mondragon was some sort of infallible and indestructible god.

Dahil doon, ilang milyong dolyares ang nawala sa kompanya, na siyang naging simula ng unti-unting pagkalugi niyon. Investors and stockholders were pulling out by the day for fear of drowning with their helmsman. Kapag nabigo ang daddy niyang makahanap ng bagong lupon ng mga investors, tuluyang maba-bankrupt ang *MI*. Kapag nangyari iyon, mawawala sa kanila ang kompanya o kaya ay mapapatalsik ng board of directors si Mr. Mondragon bilang CEO.

Alinman sa dalawa... ang paghihiganti niya. Kaya kailangan niyang mahadlangan—sa anumang paraan—ang pagpursigi nito.

If she had to destroy herself to destroy his name...
...then so be it.

Prenteng nakahilata si Laira sa chaise lounge na nasa verandah ng kuwarto niya habang bumubuga ng usok mula sa hinithit na sigarilyo. Matapos ang

insidente nang nakaraang linggo, hindi na siya nakalabas ng bahay.

Kung gugustuhin niya, puwedeng-puwede siyang tumakas. Pero hindi niya magawa dahil sa kanyang yaya.

Her father had issued the edict of her imprisonment. Oras na makatakas siya, tiyak si Yaya Marya at lahat ng inosenteng kasambahay nila ang sasalo sa latay ng galit ni Lucas.

Nagsisindi siya ng panibagong stick ng *Virginia Slims* nang bumukas ang higanteng wrought-iron gate ng kanilang mansyon at isa-isang nagsipasok ang convoy ng daddy niya. Nakita niyang binuksan ng isang nakabarong na bodyguard ang backseat ng *Mercedes-Benz* na napapagitnaan ng dalawang itim ng SUV. Mula roon ay lumabas ang daddy niya at nagmamadaling pumanhik sa bahay.

Kinabahan siya; mukhang masaya ito.

Hindi pa siya tapos makabuo ng teorya kung bakit masaya ito ay biglang bumukas ang magkabilang dahon ng pinto ng kanyang silid.

“Laira?” tawag ni Lucas, tiyak na hinahanap siya sa loob ng kuwartong sinlaki at sintayog ng pangkaraniwang auditorium. Ilang saglit pa’y

bumulaga ito sa verandah. Nagkagatla siya sa noo nang ngumiti ito sa kanya. “How’s your day, my daughter?”

Umangat ang kilay niya. “The hell do you care about my day.”

Namangha siya nang hindi man lang napalis ang ngiti nito sa labi. “Kinakamusta lang naman kita.” Umupo ito sa isang reclining chair.

Napakurap siya. “Minamaligno ba kayo? Bago yata sa pandinig ko ang dialogue mo.”

“Meaning?”

“Meaning, *Dad*, that in my twenty-six, unfortunate years of being your daughter, ngayon ko lang narinig iyan mula sa inyo. Ano’ng nakain mo’t bigla’y naalala mong may anak ka?”

“Ah, well... it’s not that late to make amends, is it? Hindi pa naman huli ang lahat para sa ating mag-ama, hindi ba?”

Umahon ang iritasyon sa dibdib niya. “Cut the bullshit, *Father*. What do you want?”

Lucas’ smile slid from his face like fresh paint under the rain. “I want you to marry Zacarias Arsenio.”

Napamaang siya, hindi makapaniwala. “Excuse me?”

“You heard me.”

“Yes, I did. But I’m not sure I heard right.”

“You heard me right, Laira. Pakakasal ka kay Zacarias Arsenio sa lalong madaling panahon—at iyon ay sa susunod na linggo.”

Hindi siya makapagsalita. Ni hindi niya magawang mag-isip. Tiningnan niya ang ama. Hindi siya makapaniwala sa sinabi nito, but it was there, written on his face, burning in his eyes.

“You’re not asking me to marry, are you? You’re *telling* me.”

“That’s my girl. I knew that under that hard skull is a smart brain.”

Pakiwari niya ay bigla siyang binangungot nang gising. She let out a humorless laugh. “W-what made you think I will?” tanong niya nang makahuma.

“It doesn’t matter whether or not *you will*, Laira. Ikakasal ka kay Zacarias sa ayaw mo’t sa gusto,” sagot nito, the determination in his eyes unbreakable.

Imposibleng para sa kapakanan niya ang gusto

nitong mangyari. Something else had caused this. Something urgent and grave.

“Do I get to know why I’m suddenly hitching?”

“Pag nalaman mo ba’ng rason, would you be more agreeable?”

Nagkibit-balikat siya. Naupos na ang sinindihan niyang sigarilyo kanina nang hindi niya nahithit. Pinitik niya iyon sa wooden ashtray. “Maybe.”

Pinagmasdan muna siya ni Lucas. “I have no reason.”

“You’re telling me to marry that dirty old f*cker for *no* reason?” nang-uuyam niyang tanong. “As far as I can remember, you were always suspicious of every man I’ve been involved with, Dad. ‘They might be gold diggers’, you used to say. Yet now...” Tumayo siya, tumanghod sa ama, “you’re asking me to *actually* marry. Aren’t you worried he might dig your gold, Dad?” kunwa’y nag-aalala niyang tanong.

“Oh, wait...” singhap niya, “...there’s nothing left to dig, is there?” Dumilim ang mukha ng kausap niya. “You used to tell me that you’re going to find me a man worthy of our name. Ang ibig bang sabihin nito’y nahanap mo na siya? O baka naman...” A sly smile curved her lips. “Tell me your reasons—no,

wait—your motives, my dear father.”

“Alam mo na ang rason, Laira.”

“True. Katulad ng sinabi mo, I’m a smart girl. What I want... is to *hear* you say it. I want to hear you admit defeat. I want to hear you *beg* for *my* help. Gusto kong marinig ang desperasyon sa iyong tinig. Let me hear it, Dad. Dahil kung hindi—”

“Kung hindi’y ano?”

“You keep forgetting, Father, anak mo ako. Namana ko sa inyo ang katigasan ng ulong pinanggigigilan ninyo. Alam nating pareho na *may* magagawa ako. Wanna put me to a test?” hamon niya.

Tumayo si Lucas. Nagtagisan sila, nagsukatan ng determinasyon.

Her eyes grew wide with fear while her father’s glowed with malevolent triumph. “Merger. Your marriage will result into a merger. Satisfied?” he told her in a voice that was completely devoid of the desperation she hoped to hear.

Tinalikuran siya ni Lucas upang iwan siya. Nang buksan nito ang pinto ay nakita niyang nakatayo sa labas ang kanyang tagapangalaga. Inignora ito ng daddy niya at lumabas ng silid. Nagtatakang hinarap

siya ng yaya niya.

Pinagmasdan niya ang matanda. Yaya Marya was in her prime when she joined the Mondragon household. Now, there was a fine powdering of gray on her head and her kind face was deeply lined.

Kabaligtaran ng daddy niya, ipinagpalit nito ang pagkakataong magkaroon ng sariling pamilya para alagaan siya. Bukod sa Mommy Constancia niya, ito lang ang tanging nagmahal sa kanya at mahal na mahal niya ito.

Matapos ang ilang taong paghihintay ay dumating din ang kanyang ginintuang pagkakataon.

She now held the fate of her father's empire in the palm of her hand—the empire that made her and her mother's life miserable...

Now, her time had come to return the favor.

“How do you feel about a grand vacation, Yaya?”

1

Umahon siya mula sa bukal at tinungo ang malapad na bato kung saan nakalatag ang banig niya. Tinuyo muna niya ang katawan at nagpahid ng sunblock bago nagsuot ng sunglasses at patihayang inilatag ang katawan sa ilalim ng araw. Mula nang dumating sila sa Brgy. Martires—ang hometown ng yaya niya—naging ritwal na ni Laira ang pagsa-sunbathing matapos magbabad sa cold spring.

Nasa liblib na sitio ng Martires ang kinalakhang tahanan ng yaya niya. Yari sa yantok ang dalawang palapag niyon at yari sa capiz shells ang mga bintanang sintaas ng dingding. Ang sahig sa ibaba ay yari sa bato, kahoy naman ang sa itaas.

Walang kuryente ang sitio at iilan lang ang mga kabahayan. Towering and ageing trees were everywhere, interspersed with thickets and wide patches of tall grass.

Perpektong pagtaguan ang Sitio Lasang. Kulang-kulang isang oras ang layo ng Martires sa Pagadian at kahit isa pang tourist spot ang mismong barangay, ang sitiong kinaroroonan nila ay kinakailangang sadyain. The absence of respectable dirt roads and the

dense overgrowth of grass and trees on either side of the road, with horses as the only means of transport, effectively discouraged any potential tourist. Maliban doon, hindi iisipin ng kanyang ama na mapapadpad siya sa lugar na iyon. Sigurado siyang hinahanap siya nito ngayon sa Boracay o di kaya ay sa Cebu o Davao. Even abroad. Her father knew she couldn't do without the convenience of fastfoods and malls, the spoils of salons and spas, and the wild fun of nightclubs and bars...

...She thought so too. Ilang linggo rin niyang hinanap-hanap ang ingay ng siyudad, all the parties and shopping sprees. Pero taong may pusong-bato lamang ang hindi mabibighani sa kagandahan ng sitio. It was a paradise.

Malamig sa mata ang luntiang paligid. Amidst trees, the grass and the foliage, the bogs and the dead leaves, she felt protected from the world... from her own bitterness and anger and hate...

Sitio Lasang had cast its reins on her, binding and taming her. Pinigil siya nitong tuluyang wasakin ang kanyang buhay. It was her haven. Ang tunog ng kulisap at bulong ng hangin ang musikang nagugoy sa kanyang pagtulog. Ang malamig na tubig ng bukal ang pumawi sa init ng kanyang galit. Ang

mga puno at halaman ang naging kasama niya sa kanyang pagtangis. The wild flowers that littered the forest floor showed her that life is beautiful. Slowly, Sitio Lasang was healing the wounds her own father inflicted.

Sa takdang panahon, babalik din siya sa piling nito. Kapag wala na ang poot at sama ng loob...

Nag-inat siya. She sighed in contentment, her eyes growing heavier until they finally surrendered into slumber.

Ang pakiramdam na may nakamasid sa kanya ang gumising sa natutulog niyang diwa. Ngunit hindi siya lumingon o nakaramdam man lang ng takot. “Yaya, mamaya na ako uuwi, I’m still enjoying here,” aniya, batid na sinusundo na siya nito para mananghalian.

“So I see,” sagot ng isang tinig na masyadong mababa para sa kanyang yaya. It was as though thunder had spoken.

Napabalikwas siya. And there, looming over her was the most handsome man she had ever laid eyes on. He was also looking so disapprovingly at her scantily-covered body. Nag-iinit ang pisnging hinablot niya ang tuwalya at tumayo habang tinatakpan ang

katawan.

Dapat siyang magtanong—kung sino ito, kung ano ang ginagawa nito rito. Dapat niya itong talakan sa panghihimasok nito nang walang pahintulot sa pribado niyang paraiso...

...Pero ang nakayanan lang niyang gawin ay ang matulala rito. Napakaguwapo nito... all she could see was that he was perfect: mula sa nang-aarok nitong mga mata hanggang sa matangos na ilong, maninipis na labi at mga pangang tila nililok sa granito. Even his shaven-head looked perfect. He was tall and wiry.

He was lean, without being thin, his muscles taut and hard, and his limbs long and powerful. His bronzed skin and the fine dusting of stubbles on his jaw, plus the simple shirt and worn *Levi's* he was wearing lent him an air of ruggedness.

If there was a god of virility, then this *must* be him.

Napakagat-labi siya sa naisip. Nakita niyang tila hinila ng magnet ang tingin nito papunta sa kanyang mga labi. A shot of current ran down the length of her spine making her tingle all over. Nagustuhan niya ang pakiramdam, and decided she wanted more. Puno ng kapilyahang idinikit niya ang hintuturo sa

ibabang labi.

“Uhm...” simula niya, “sino sila?”

Pilit nitong inalis ang mga mata sa kanyang mga labi at tiningnan siya sa kanyang mga mata. Larawan ng papabagsak na bagyo ang anyo nito. “Laira Marie Mondragon?”

Para talagang kulog ang tinig nito, malalim at malagom—the kind that would thrill any woman into jumping in bed with him and have him call out her name.

Sukat maisip iyon ay biglang lumutang sa imahinasyon niya ang isang mainit na eksena... sa eksena, paulit-ulit nitong tinatawag ang pangalan niya—a moaned, drawn-out call of torment... and ecstasy.

Nanuyo ang lalamunan niya sa linaw ng kanyang imahinasyon at dagling iniwas ang tingin sa mapang-arok na mga mata ng lalaki.

“Y-yes...” sagot niya sa tanong nito.

“Sumama ka sa akin.”

Sure, koro ng puso at isip niya. “Excuse me?”

“Sasama ka sa akin pauwi ng Maynila.”

Lahat ng kakaibang sensasyong lumukob sa kanyang katinuan ay parang apoy na sinalanta ng baha, extinguishing her warmth and leaving her cold. Awtomatikong nag-iba ang postura niya; nabura ang naglalarong kapilyahan sa kanyang mga labi at namatay ang ningas ng apoy na nagsisimulang umalab sa mga mata niya.

The man still looked beautiful. Pero kung kanina ay tumingkad ang kanyang paligid nang masilayan ito, ngayon ay tila biglang nagtampo ang araw at nanago sa likod ng makakapal na ulap.

“Umalis ka na,” aniya sa tinig na sinlamig ng tubig sa bukal. Isa-isa niyang pinulot ang nagkalat na damit at gamit. Gusto na niyang manginig, hindi sa lamig kundi sa lumulobong panic.

Alam niyang di-maglalaon ay matutunton din siya ng ama at babalik siya sa piling nito. Pero hindi pa ngayon. It was too early for her to go back to the unsettling life of hate and misery she was forced to live for twenty-six years. Nagsisimula pa lang siyang maghilom. Kapag bumalik siya ngayon, bubuka lang ulit ang mga sugat. Kapag nangyari iyon, hinding-hindi na siya maghihilom.

Sa gubat na ito, nahanap niya ang katiwasayang matagal niyang inasam at hindi pa siya handang

lisanin iyon. Subalit nahabol na siya ng mundong pilit niyang tinakasan. Wala siyang pagpipilian kundi ang umalis. The thought was heart-rending.

“Ano pa’ng hinihintay mo?” tanong niya nang makitang hindi tuminag sa kinatatayuan ang ipinagtatabuyan niya. “Leave, *now!*”

Lesser men would have scampered at her command. Pero ni hindi man lang kumurap ang lalaki. “Hindi ako aalis dito nang hindi ka kasama,” he declared, looking like a wall, solid and unmoving.

“Fine, have a nice stay then.” Humakbang siya paalis—looking like the snooty queen that she was—at hindi na nag-abalang isuot ang damit. Kailangan niyang makaalis sa lalong madaling panahon.

Ayaw pa niyang bumalik sa kanyang ama. Hindi pa napapanahon. Nasa ganoon siyang pagmumuni-muni nang napatili siya dahil biglang may pumulupot sa kanyang baywang at pinasan siya na parang sako ng bigas.

“Ibaba mo ako, you monster!” parang wang-wang niyang atungal habang pinapaulanan ng bayo ang mala-bakal na likod ng estranghero. “Ano ba? Ibaba mo sabi ako!” patuloy na sigaw niya. Subalit tila wala itong narinig. Sa mabilis na mga hakbang

ay dere-derecho nitong inakyat ang mga baitang na nakaukit sa gilid ng matarik na bangin. “Put me down, you beast,” giik niya habang sumisikad ang kanyang mga paa. “Put me—”

“Shut up!” Malakas na hinampas nito ang puwitan niya.

Nanlaki ang mga mata ni Laira. *Did he just spank me like a...?* “H-how... how dare you! Pervert! I will sue your ass for physical abuse and sexual harassment, you cheap sleaze! Put me down or you’ll be sorry!”

“Not half as sorry as you’ll be, oras na mahulog tayong dalawa sa bangin dahil sa pagmamatigas mo. Believe me, you’re gonna sore all over. And it won’t be from the fall. Then you’ll know what abuse and sexual harassment *truly* means.”

Kaagad siyang nahinto sa pagpasag. Walang panganib o banta sa tinig nito—just cold-blooded promise. And this stranger looked every bit a man of his word.

Nang marating nila ang bahay, basta na lang itong pumasok sa loob at padarag siyang ibinagsak sa sofa. “You have exactly five minutes to put on something decent bago tayo umalis.”

“I’m not going anywhere with a maniac like you!”

Tumayo siya at itinaping muli nang mahigpit ang nakalag na tuwalya. “Yaya, merong walang-modong lalaking basta na lang pumasok sa property ninyo!” sumbong niya, tinungo ang kusina. “We should have this trespasser *shot* in the—Yaya?” Kinabahan siya nang makitang walang Yaya Marya na naghahanda ng pananghalian doon.

Base sa talakdaang minamantine nito, dapat ay nakahanda na ang hapag sa mga sandaling ito at hinihintay na lamang ang pagdulog niya sa mesa. Pero walang kubyertos na nakalatag sa bilugang hapag, walang usok o apoy na nagmumula sa kalan.

“Yaya?”

Lumabas siya ng kusina, pero wala rin ito sa likod-bahay kung saan naroon ang batalan. “Yaya?” *Nasaan na ba ito?* “Yaya!”

“It’s no use. Hindi ka na niya maririnig,” sagot ng lalaki sa pagtawag niya na marahas niyang ikinalingon.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” Pinagmasdan niya itong muli. This time she tried to see beneath the handsome face and chiseled physique. He looked quite capable of hurting another human being. Nahindik siya. “Nas’an ang yaya ko?” usisa niya.

“Ano’ng ginawa mo sa kanya?” The thought that he might have done something bad to her nanny blew her sense of caution. Sinugod niya ang lalaki at pinagbabayo ito sa dibdib. “Nas’an ang yaya ko?”

“Hey, hey, easy. Aw, that hurt!” angal nito, sinusubukang hulihin ang nakakuyom niyang mga palad. “Will you stop that? Listen!”

“No! Ilabas mo si Yaya ngayon din kung di pupulbusin ko ’tong dibdib mo, I swear!”

Dahil hindi nito mahuli ang nagwawala niyang mga kamao, niyakap siya nito upang ipitin ang kanyang mga braso at mga kamay sa pagitan ng mga katawan nila. The moment an inch of her skin brushed his, the very air that surrounded them seemed to have ignited into flames, her strength evaporated with the heat. Nangatog ang tuhod niya. Kung hindi mahigpit ang pagkakayakap sa kanya ng lalaki ay malamang dumausdos na siya sa sahi.

“B-bitawan mo ’ko,” pakiusap niya. May pakiramdam siyang kapag nagtagal pa ang pagkakadikit nila ay matutupok siya.

“Not until you listen to what I have to say,” he replied hoarsely, as though his throat had suddenly gone as dry as hers too.

“S-sige.” Marahan siyang tumango.

Lumuwang ang pagkakayakap nito sa kanya. “Nasa bayan na ang yaya mo. Pinauna ko siyang pababain kasama ng mga gamit mo. Naisip kong mas magiging madali para sa akin na bitbitin ka pauwi pag nalaman mong nauna siya sa ’yo. Turned out I was right.”

“Ano’ng ginawa mo? Did you bind and gag her before carting her off to the city? Alam kong manlalaban si Yaya. Hinding-hindi niya ako iiwan dito maliban na lang kung pinuwersa mo siya.”

“Ang utos ng tatay mo’y hanapin at iuwi kita... sa anumang paraan. Ginawa ko lang ang nararapat,” kalmado nitong tugon.

“You... animal,” nanghihinang bulong niya, temporarily dazed with horror that her old and frail nanny was bound and gagged somewhere. Nang makabawi, muling lumipad ang mga kamay niya. But he was ready for her, easily catching her hands.

“Gusto mong malaman kung paano ko siya nakumbinsing mauna sa ’yo?” he asked softly, oblivious to her struggles. “Then you better put some clothes on and come with me, Princess.” Binitawan siya nito at sinipat ang suot na diver’s watch. “Meron ka na lang

animnapung segundo para magdamit. Kapag hindi ka pa nakabihis sa loob ng isang minuto...” He looked up and raked his eyes over her body, “dadalhin kita sa bayan nang... *nakaganyan.*”

Humalukipkip siya at tinaasan ito ng kilay. “I’d like to see you try,” hamon niya.

And try, he did. Muli siyang dinaklot at pinasan. Dere-derecho itong nagmartsa palabas ng kabahayan, ignoring her screech of protests. Isinakay siya nito sa naghihintay na kabayo pagkatapos ay bumalik sa loob ng bahay. Nang magbalik, bitbit nito ang mga damit na hinubad niya kanina.

“Seen enough? Or would you like to see me try some more?”

Isang nasusuklam na tingin ang ibinigay niya rito bago inabot ang dala nitong damit. Isinuot niya ang malambot na bestida nang hindi tinatanggal ang nakataping tuwalya o bumaba mula sa kabayo. Taas-noo siyang nagbihis sa kabila ng nakudkod niyang pride.

Matapos ipatong ang pulang cardigan sa kanyang bestida, tinanggal niya ang tuwalya at ibinato iyon sa nakamasid na lalaki.

Umiiling-iling na isinampay nito ang tuwalya sa

alambre bago sumampa sa kabayo. Kinuha nito ang renda, and with an ease of a medieval knight, he prodded the horse into a trot.

Derecho lang ang tingin niya habang papalayo sila sa Sitio Lasang. Hindi siya lumingon. Hindi siya luminga. Ayaw niyang mamantsahan ng kalungkutan at pait ng pamamaalam ang alaala ng lugar kung saan niya natagpuan ang kasiyahang akala niya ay hindi na niya muling mararamdaman matapos pumanaw ng kanyang ina.

“My name’s Trigger,” the man said after a stretch of silence.

“Wala akong pakialam.”

“Of course you don’t,” sang-ayon nito. “A brat such as *yourself* could never care for anyone or anything but *yourself*.”

Binaha ng iritasyon ang dibdib ni Laira, na bahagya niyang ipinagtaka. Lahat naman ng tao ay ganoon ang tingin sa kanya. Not once did it matter. But now, something inside her was protesting at his words with an intensity that made her want to prove him wrong.

“If that were the case, *Trigger*, sa palagay mo’y makakaladkad mo ako pauwi ng Manila? You could,

but only if I were cold and lifeless. And I must say, wala sa hitsura mo ang nagbabasa ng gossip columns,” nang-uuyam niyang tugon sa panghuhusga nito.

Malapit na sila sa Brgy. Martires. Kumakaunti na ang mga puno habang dumarami naman ang mga kabahayang nadadaan nila.

“Hindi ko na kailangang magbasa ng tsismis para mabatid na isa kang *bratinella*, Laira. I only needed one look at you. Larawan kayo ng kasutilan, mahal na prinsesa...And your legendary notoriety in parties and shopping sprees, your dalliances with men and your involvement in one scandal after another only breathed life to that picture. If those aren't the makings of a bored, attention-seeking brat, then I don't know anything.”

Nangalit ang kanyang mga bagang. Kailanman ay hindi niya ikinaila ang kanyang mga ginawa. Pero kung inaakala nitong dala lang ng pagkabagot ang ginawa niyang pagwasak sa sariling buhay, nagkakamali ito. And this man didn't have any right to assume it.

“Tama ka. Wala kang alam. Lahat ng nakita mo, lahat ng nabasa mo't narinig, they're just pieces of the true picture, and the truth isn't always what you see.”

Hindi ito sumagot. Pero sapat na iyon para umasa siyang ang pananahimik nito ay tanda na kahit papaano ay may pag-aalinlangan na ito sa impresyong nabuo sa kanya.

Kung bakit siya umaasa, hindi niya alam.

Nang marating nila ang bukana ng Brgy. Martires, hindi niya kaagad napansin na may kakaiba sa paligid. Natuon kasi ang buong atensyon niya sa kakaibang sensasyong pumaroo't parito sa gulugod niya nang pasimple siyang hapitin ni Trigger palapit sa matigas nitong dibdib. Her senses had suddenly turned knife-sharp. Dama niya ang bawat pitik ng puso nito. Dinig niya ang bawat paghugot nito ng hininga. Nanunuot sa kanyang ilong ang pinaghalong samyo ng aftershave at natural nitong bango. And then, her senses registered his unease. Panay ang linga nito sa paligid at nagtagis ang mga kalamnan nito sa braso.

“T-Trigger, may problema ba?”

“Wala,” he whispered against her hair, “Parang may nag-iba lang sa lugar na ’to.” Habang nagsasalita ito ay nadama niya ang paghigpit ng mga braso nito sa katawan niya.

Tumingin siya sa paligid. The whole place was

completely deserted. Nanayo ang balahibo niya. Sintahimik ng sementeryo ang buong barangay. Everything was still—from the leaves of the trees to the blades of the grass.

Binitawan ni Trigger ang kaliwang bahagi ng renda at may inabot na kung ano sa likuran nito. Bago pa rumehistro sa utak niya ang baril na bigla na lang ay hawak nito, mula sa kung saan ay umulan ng bala sa paligid nila.

Napasigaw siya.

2

Laira didn't think they could outrun the bullets. Mahigit isang dosenang armadong kalalakihan ang determinadong diligan sila ng bala. Bullets whizzed past their ears, at walang pagsidlan ang takot niya sa isiping isa sa mga naglilipanang bala ang tiyak na babaon sa mga katawan nila anumang sandali... yet, either by sheer will or the dumbest luck, Trigger was able to swerve the horse away from the pelting bullets. Nagawa din nitong gumanti ng putok habang minamaniobra ang renda at pinoprotektahan siya.

Their horse leapt over fences, gardens and backyards, dala marahil ng takot, kaya hindi ito mahabol-habol ng mga bala sa bilis ng takbo at taas ng lundag nito.

Lumiko sila, hindi na niya pansin kung saang direksyon. Sa tindi ng takot na nadarama niya, malabo na sa kanya ang lahat. Ang tanging malinaw ay ang nakakabinging tambol ng kanyang puso at ang lamig na tagos sa kanyang buto.

Pakiramdam ng dalaga ay mamamatay na siya anumang sandali.

“Huwag kang mag-alala, we’re gonna make it!” shouted Trigger above the din of firing bullets. His voice held more than assurance. Nandoon din ang pangako at tulad kanina, kaagad siyang naniwala sa binitawan nitong salita.

Hinabol sila ng bala hanggang sa loob ng gubat. Ngunit sinalo ng mga puno ang mga balang para sa kanila. Hirap din ang mga taong humahabol sa kanila na tawirin ang masalimuot na sahig ng gubat. Sakay ng kabayo, madali nilang napag-iwanan ang mga ito. It jumped nimbly over giant roots and moss-covered rocks.

Maya’t maya pa ay dumalang ang putok at humina ang mga naririnig nilang sigawan hanggang sa wakas ay nilamon sila ng katahimikan.

“We should be safe now,” palinga-lingang deklarano nito.

Doon lamang bumagal ang pagtibok ng kanyang puso. Dahan-dahang bumalik sa normal ang kanyang paghinga, bagaman nanginginig pa rin ang buong katawan niya.

“Ayos ka lang?”

Nilingon niya ang lalaki. His voice was a curious mix of tenderness and fear. May sinasabi ang mga

mata nitong hindi matukoy ng kanyang utak, ngunit nagawang intindihin ng kanyang puso. Kawangki niyon ang isang uyaying inawit sa kanya matapos niyang magising mula sa isang bangungot.

Tumango siya at wala sa loob na sumandal sa dibdib nito. She felt weak, drained—na para bang kasabay ng paghupa ng tensyon sa katawan niya ay ang pagkalimas naman ng kanyang lakas. Maraming tanong ang humuhugong sa isipan niya, ngunit wala siyang lakas pagtuunan ang mga iyon. Ang tangi niyang gustong gawin ngayon ay ang pumikit at namnamin ang bawat pintig ng kanyang puso—because every beat meant that she was still alive.

Bago tuluyang sumara ang mga talukap niya ay napatingin siya sa mga braso ni Trigger. Habang nakakulong siya roon, ligtas siya.

It was odd to feel this safe with a stranger... but somehow, she knew...

“Are we there *yet*?” makailang beses na tanong ni Laira sa lalaking nagpatiuna sa pagbaybay sa masukal na gubat. Hindi siya nito sinagot, patuloy lang sa paghawi ng malalagong damong abot hanggang baywang ang taas.

Her good feelings and opinion about the man had disappeared the instant she had opened her eyes yesterday. Nagising siyang tila nililindol ang katawan sa lakas ng pagkakayugyog nito sa kanya.

Dahil nagpakita ito ng kagaspangan ng ugali, gabundok na ang naipon niyang inis at iritasyon para rito. Na animo'y bulkang sumabog nang malaman niya kung bakit kamuntik na niyang makadaupang-palad si Kamatayan nang nagdaang araw at sabihin nitong hindi muna siya nito madadala sa kanyang yaya dahil kailangan nilang magtago na tila mga pugante.

Alas tres ng madaling-araw nang lisanin nila ang kagubatan ng Brgy. Martires at pakawalan doon ang kabayong sinakyan nila. Trigger said the horse would only slow them down dahil sa sukal at tarik na tatawirin nila. Hindi na niya mabilang ang mga burol na kanilang inakyat, mga sapang kanilang tinawid at mga gubat na kanilang sinuong. Hindi rin niya mabilang kung ilang beses na siyang natisod at napag-iwanan ng kasama.

Pagod na pagod na siya. Mahigit sampung oras na silang naglalakad. Napudpod na yata ang talampakan niya at marami na siyang gasgas sa braso at binti, pati na rin sa kanyang pisngi dahil kung saan-saan siya

sumasabit: mayroong sa sanga ng kahoy o di kaya ay sa mga nakalambiting baging.

Kahit na malamig ang temperatura sa loob ng gubat, tagaktak pa rin ang pawis niya. Aside from negotiating the labyrinth of gigantic roots and climbing the rocky hills, she also had to battle her way through thick foliage, tall ferns, and prickly vines. Inaalala rin niya ang tinatapakang lupa sa pag-aalalang baka makatapak siya ng ahas or worse... dumi ng hayop.

Hindi miminsang sinita ni Trigger ang kaartehan niya.

“Ano’ng nangyari?” humahangos nitong tanong, nakalabas ang baril matapos niyang magpakawala kanina ng isang mahabang tili.

“I stepped on something. Look,” sumbong niya, ipinakita ang malambot at mamasa-masang bagay na dumikit sa kanyang sandalyas. “Eww, get it off me!”

Inis na pinagmasdan muna siya nito bago tumalikod at ibinalik ang baril sa waistband ng jeans nito.

“Hey, saan ka pupunta?”

“I’m going on ahead, Princess. Unlike the men

you're accustomed to, hindi titigil ang mundo ko para lang pag-ukulan ang kaartehan mo," matabang nitong deklara.

Na talagang pinanindigan ng hudyo.

Hindi nga siya nito pinakialaman kahit na nagkandatisod-tisod siya sa kahahabol dito. Ilang beses din niya itong mangiyak-ngiyak na tinawag dahil wala na ito sa unahan niya. Sa tanang buhay niya ay ngayon lang siya nakatagpo ng isang lalaking asal-kuweba.

Napaka-ungentleman nito. Sure, he was a soldier. Sanay ito sa magaspang na uri ng pamumuhay. But that doesn't excuse him from learning some manners, especially on how to treat a woman.

Nagdalaga siyang sanay sa mga lalaking hindi magkandaugagang bigyang-lugod ang bawat kapritso niya. Men swarmed like bees on honey in her presence. Kaya nga para lang siyang nagpu-food tasting pagdating sa pakikipagrelasyon. Her relationships—or to use Trigger's words—*dalliances with men*, was due to the fact that they were so many of them *pining* for her attention. So much so, that sometimes they were willing to share her with one or two others. That, plus the fact that it annoyed her father so much.

Napabuntong-hininga siya. Here she was, braving nature. On the run for her life. At ni wala siyang kasalanan. Minalas lang talaga siyang makilala ang kalbong si Trigger. Walang-seremonyang binaligtad nito ang tahimik niyang mundo; carried her off against her will, put her life in mortal danger just by being *with* him—the least the brute could do was treat her properly.

Hindi pa rin makapaniwala ang ego niyang may kalahi si Adan na kayang tanggihan ang karisma niya.

At least, nang nagdaang araw habang magkasama sila, kahit papaano ay nakita niyang concerned ito sa kanya.

Teka nga, preno ng isip niya, at bakit ka naman nag-aasam ng concern mula sa kanya?

Dahil syempre, napapagod na ako. Kanina pa ako naglalakad. I could really use a little concern right now, depensa naman niya.

Dahil sa naisip, muling umahon lahat ng inis at iritasyon niya.

“Are you sure you know where you’re going?” pasigaw niyang untag kay Trigger. “Kanina pa tayo lakad nang lakad.”

Nang wala siyang mahitang sagot mula rito, napuno na siya. Sinugod niya ito at ubod-lakas na hinataw sa likod. “Answer me!”

Nagtitimping nilingon niya si Laira. Kulang na lang magsihulasan ang mga tadyang niya sa lakas ng pagkakahampas nito sa likod niya.

“Ano?” she demanded, her face lined with thin scratches and her clothes torn and ripped in places. “Are we or are we not there yet? Dahil sa tingin ko walang patutunguhan ’tong paglalakad natin. Are we even getting *somewhere*?” pagtatalak nito, her hands on her hips and her cheeks high with color.

Tumalikod si Trigger bago pa siya matuksong paglandasin ang hintuturo sa namumula nitong pisngi at leeg.

“Don’t you dare turn your back on me, *you caveman*! Kinakausap pa kita!”

Napapikit siya. Everytime she used that high, haughty tone on him, natutukso siyang siilin ito ng halik—if only to shut her up and show her who’s boss.

Nang nakalipas na gabi, nang malaman nito ang tungkol sa manhunt ng mga Habagat sa kanya, isang

oras itong nagwala—demanding in that aristocratic tone of hers that he release her at once. Lalo pa itong naghuramentado nang tumanggi siya. Nasaid ang pasensya niya habang ipinapaliwanag kung bakit hindi sila puwedeng maghiwalay.

“...but I’m innocent! Wala akong kasalanan sa kanila!”

“It doesn’t matter! Nakita ka nilang kasama ako—”

“But that’s unfair! Hindi porque’t kasama kita’y kasalanan ko na ang kasalanan mo. ”

“Laira,” aniyang pilit nagpapakahinahon, “wala ka ba kanina’t hindi mo napansing basta na lang nila tayong pinaulanan ng bala?”

Saglit itong natameme. “Pero... pero hindi p’wede ’to. I just happened to be with you—ni hindi ko nga gustong sumama sa ’yo. This is so unfair...” she groaned.

“It is. Pero wala tayong magagawa. Believe me, fairness is something the Habagats don’t have.”

“Fine, then. Aalis na lang ako. Siguro naman pag nakita nilang hindi kita kasama’y hahayaan na nila ako.” Tumayo na ito mula sa pagkakasalampak

sa lupa.

“Hindi p’wede. Sa tingin mo, hahayaan ka nilang gumala pagkatapos mo silang makita? Na maniniwala silang hindi ka magsusumbong sa nangyaring ambush?”

Naihilamos nito ang dalawang palad sa mukha. “This is...this is...” Walang babala siya nitong dinakma, whacking and slapping every inch of him she could reach, “...all your fault!” atungal nito habang pinapaulanan siya ng bayo. “Fix it, you good-for-nothing...”

Nang puntong iyon hindi lang siya abala sa pagsalag sa mga kamay nito, pigil na pigil din niya ang sariling durugin ang namimintog nitong labi sa kanyang halik.

He had savagely wanted to drown her demands in his kiss, and make her submit to *his* demands instead. Only the thought that she was right stayed him. Idinamay niya ito sa vendetta ng mga Habagat sa kanya. Kulang pa kung tutuusin ang mga bayo at kalmot nito—he deserved to be shot for knowingly risking Laira’s life.

Magdadalawang linggo pa lang siya bilang bodyguard ng ama nito nang lapitan siya ng don

upang ipahanap ang nawawalang anak. Laira had been missing for almost a year. Ilang beses na itong nagpapalit-palit ng investigative agency, ngunit bigo itong makita ang anak.

Out of desperation, at sa pagbabaka-sakaling may itinurong secret technique sa kanya ang militar sa paghahanap ng mga nawawala, nilapitan siya ni Lucas Mondragon isang umaga, hawak-hawak ang dossier na ipinadala ng security agency na pag-aari ni Gen. Katigbak. It contained his records—though nothing that revealed his real job in *Armed Forces of the Philippines*.

Kaagad niyang tinanggap ang ipinag-uutos nito. After two maddening weeks of boredom, he was finally given something he was the best at. He felt himself again, ilang linggo matapos siyang patawan ng ‘enforced leave’ bilang parusa sa kapalpakang niyang pamunuan ang isang napakritikal na misyon.

“Your unit was supposed to gather intel reports! That was it, Lieutenant!” namumula sa galit na singhal sa kanya ni MGen. Lustico Bellaflor, ang CO niya at nakababatang kapatid ng kanyang ama. *“Now, Naguib’s son—his only heir—is dead. He will stop at nothing to extract blood. Your blood. His manhunt for you has already forced your entire unit—an invaluable asset to*

the AFP—into hiding. Ngayon naman ginagamit niya ang impluwensya ng familia Habagat sa Malacañang upang ugain ang organisasyon ng Tabak Division—mahanap ka lang. And to cap it all off, your unit managed to lose the strongest evidence we have into the bargain!” mahabang pananabon ng tiyuhin niya.

Hindi nakasagot si Trigger, nahiya sa mga narinig. Even to his own ears, he sounded like the world’s biggest moron. He had not only managed to get himself suspended, he was also responsible for putting KNIGHTS—the twelve-man unit he had led since its inception—into reserve duty. All because he made the grave mistake of ignoring KNIGHTS’ rules of engagement.

Isang pagkakamaling hanggang ngayon ay hindi niya matanggap.

Sa dami ng naging misyon ng unit niya, the Habagat Intel was the only report they failed to deliver. And failure had made him reckless... a recklessness that almost cost Laira’s life.

When his search for the missing heiress led him to Pagadian—Naguib Habagat’s longtime dominion—sinunggaban niya ang pagkakataon. Binalak niyang gamiting alibi ang paghahanap dito upang ituloy ang nabigong misyon ng kanyang unit.

Because of his arrogance that he could slip into the lion's den undetected, he went to fetch Laira despite the fact that he would be shot on site... which was exactly what happened.

Wala sa sariling naikuyom niya ang mga palad at itinuloy ang paglalakad. Sakaling may nangyari kay Laira... hinding-hindi niya mapapatawad ang sarili.

“Don't walk away from me!” putol ng galit na utos ni Laira sa mga iniisip niya. “Is it really too much to ask that you treat me civilly? All I want is a damned answer! Kahit 'yon naman lang sana, kung talagang hindi mo kayang bigyan ng kahit konting malasakit ang kalagayan ko,” naghihinanakit nitong usig.

Pinilit ni Trigger na huwag itong lingunin. Alam niya kasing hindi niya mapipigilan ang sariling sugurin ito at ikulong sa kanyang mga bisig; ang subukang pawiin lahat ng nararamdaman nitong pagod sa pamamagitan ng kanyang haplos. Nakapagbitiw na siya ng salita, and by God, he would stand by it...

Kahit pa ang totoo... pumepreno sa pag-ikot ang kanyang mundo sa tuwing nasisilayan niya ito.